



Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

Pae ora | malusog na kinabukasan para sa lahat ng mga taga-New Zealand

Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan para sa Kalusugan (Government Policy Statement for Health): 2022–2024

E ngā mātāwaka huri noa, tēnā koutou katoa

Ang ating sektor ng kalusugan ay may matibay na pundasyon: isang napakahusay at dedikadong lakas-paggawa, nakatuon at masigasig na mga komunidad, at kakayahang magtulungan upang magawa ang mga bagay-bagay kapag kailangan natin. Ngunit alam natin na may mga pagkakataon upang pagbutihin pa at kailangan nating bumuo ng pang-hinaharap na sistema ng kalusugan na mas mahusay na maglilingkod para sa ating lahat.

Ngunit sa napakatagal nang panahon, batay sa iba't ibang kinalabasan ng kalusugan, pare-parehong mga grupo ang patuloy na hindi naseserbisuhan at napag-iwanan: Māori, mga taong Pasipiko, mga taong may kapansanan, at mga taong nakakaranas ng hindi pagkakapantay-pantay batay sa kanilang kalagayan sa kalusugan, kultura, etnisidad, kasarian, oryentasyong sekswal, kinaroroonan ng kanilang tirahan, kanilang kita at iba pang mga salik.

Ang bagong sistemang pangkalusugan ay nagbibigay ng pagkakataon upang matugunan ang mga matagal nang problemang ito at lumikha ng isang sistema na pare-pareho para sa Te Tiriti, pantay-pantay, magkakaugnay, at nakasentro sa whānau. Kung gagawin ito, magiging likas-kaya, matatag, at abot-kaya ito, na titiyak na mananatili itong naroroon para sa mga susunod na salinlahi at makakayanan ang mga hamon sa hinaharap.

Ang aming pananaw ay simple lang: na makamit ng lahat ng mga taga-New Zealand ang pae ora (malulusog na kinabukasan). Nangangahulugan ito na ang mga tao at whānau ay mabubuhay nang malusog sa matagal na panahon, magkakaroon ng pinabuting kalusugan at kalidad ng buhay, magiging bahagi ng malusog, inklusibo at matatag na mga komunidad, at maninirahan sa mga kapaligiran na nagpapanatili ng kanilang kagalingan.

Ang Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ay nagbabalangkas sa mga inaasahan ng Pamahalaan mula sa sistema ng kalusugan na maglagay ng mga serbisyo, mga inisyatiba at mga pakikipagtulungan upang protektahan, itaguyod at mapabuti ang kalusugan at kagalingan, makamit ang pagkakapantay-pantay, at magbigay ng pae ora.

Hindi natin makakamit ang pagbabago sa isang magdamag lamang: mangangailangan ito ng panahon, pamumuhunan at pagtutulongan ng lahat ng entidad at mga tao sa ating sektor ng kalusugan. Sisimulan ng pansamantalang Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ang paglalakbay, sa pamamagitan ng pagtatakda ng mga prayoridad at inaasahan ng Pamahalaan para sa unang dalawang taon ng binagong sistema.

Nō reira, tēnā koutou katoa

Andrew Little, Ministro ng Kalusugan (Minister of Health)

Ang pansamantalang Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ay namamahala sa bagong sistema ng kalusugan at nagtatakda ng mga prayoridad, layunin, at inaasahan para sa sistemang pangkalusugan na pinondohan ng publiko sa Aotearoa New Zealand.

Binabalangkas nito kung ano ang inaasahan ng Pamahalaan na maihahatid at makamit sa sistema ng kalusugan, gayundin kung paano susukat, susubaybayan, at iuulat ang tagumpay.

Nakatuon ang pansamantalang Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan sa dalawang taon—mula Hulyo 2022 hanggang Hunyo 2024—at nagbibigay

ng mga pundasyon para sa pangmatagalang direksyon at inaasahang mga kalalabasan na mas matatagalan bago maihatid.

Itinatakd rin nito ang mga inaasahan para sa Planong Pangkalusugan ng New Zealand (New Zealand Health Plan), na nagbabalangkas kung paano ihatid ng iba't ibang entidad ng kalusugan ang mga prayoridad at serbisyong pangkalusugan ng Pamahalaan sa lahat ng mga taga-New Zealand.

Ang buong pansamantalang dokumento ng Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ay matatagpuan sa website ng Ministro ng Kalusugan (Ministry of Health).

Mga pangunahing prayoridad

Ang Pahayag ng Patakaran ng Pamahalaan ay may anim na prayoridad upang gabayan ang sistema ng kalusugan at kung paano ihahatid ang mga serbisyo.

Pagkamit ng pagkakapantay-pantay sa mga kalalabasan ng kalusugan

Ang mga taong may iba't ibang pangangailangan at antas ng kalamangan ay may access sa iba't ibang pamamaraan at mapagkukunan upang makakuha ng kapantay na mga kalalabasan sa kalusugan. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Pagsisikap tungo sa pagkakapantay-pantay sa kalusugan at kagalingan
- Pagkilala sa mga karapatan at obligasyon ng mga komunidad na kulang sa serbisyo

Pinananatiling maayos ang mga tao sa kanilang mga komunidad

Inuuna ang mga serbisyo sa pag-iwas, suporta at paggamot na nakabatay sa komunidad, nakasentro sa whānau, ligtas sa kultura at akma sa buhay ng mga tao—malapit kung saan sila nakatira, nagtatrabaho at naglalaro. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Pinahusay na paghahatid ng serbisyo sa lahat ng serbisyong pangkalusugan, kabilang ang pagtugon, mga digital na serbisyo, at mga network ng ospital, at pagtukoy at pagtugon sa hindi makatarungang pagkakaiba-iba sa pangangalagang pangkalusugan
- Ang mga serbisyong pangkalusugan ay hindi naaantala, at ang mga tao ay nakadarama na ligtas ang pag-access sa pangangalaga

Pagtitiyak na ang sistemang pangkalusugan ay may likas-kayang pinansya

Ang mga mapagkukunan ay pinamamahalaan at inilalaan sa paraang makakamit ang pinakamahusay na posibleng antas ng kalusugan at pagkakapantay-pantay ng mga tao sa magagamit na mga mapagkukunan at pagpopondo, sa ngayon at sa hinaharap. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Ihahatid ang pagbabago sa paraang hindi manganganib ang pagpapatuloy ng pangangalaga
- Ang mga umiiral na prayoridad at programa ay pinananatili

Pagsali ng Te Tiriti o Waitangi sa buong sistema ng kalusugan

Magagawa ng Māori na magkaroon ng awtoridad sa kanilang kalusugan at kagalingan at makamit ang pantay-pantay na mga kalalabasan sa kalusugan sa mga paraan na nagbibigay-daan upang mabuhay, yumabong at umunlad ang Māori bilang Māori. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Pinalakas ang pamumuno ng Māori at paggawa ng desisyon
- Nadagdagang access sa mga serbisyong kaupapa Māori at nakasentro sa whānau

Pagbuo ng pang-hinaharap na lakas-paggawa sa kalusugan

Palakihin at bumuo ng isang matatag, magkakaiba, at likas-kayang lakas-paggawa na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao at whānau at kumakatawan sa mga komunidad na pinaglilingkuran nito. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Mga serbisyong ligtas sa kultura na pinagbatayan at binalangkas ng te ao Māori
- Nababawasan ang epekto sa lakas-paggawa sa kalusugan, at sinusuportahan ang mga kawani

Paglalatag ng mga pundasyon para sa tagumpay ng hinaharap na sistema ng kalusugan

Isang bagong kultura at ethos, na itinatag sa Te Tiriti, ang lilikhain upang palakasin ang pagtuon sa pag-iwas, pagprotekta at pagtataguyod ng kapakanan ng mga tao at whānau. Sa binagong sistema, maaaring ganito ang hitsura nito:

- Paggawa ng sama-sama at pakikipagtulungan sa mga komunidad, at iba pang mga organisasyon
- Ang mga tinig ng konsyumer, whānau at komunidad ay makikita sa sistema—pagpapabuti ng pag-unlad tungo sa pagkakapantay-pantay sa pag-access, kalidad ng pangangalaga at mga kalalabasan